

Hindi makakapunta sa Botohan ngayong Nobyembre 5, 2019 Eleksyon?



Hilinging matanggap ang Balota sa pamamagitan ng Koreo

Maaaring mag-request ang sinumang botante na ipadala sa kanya ang isang balota sa pamamagitan ng koreo sa isang permanente o pansamantalang address. Sa Oktubre 29 ang huling araw para magsumite ng request.



I-awtorisa ang Paghahatid ng Balota

Maaaring i-awtorisa ng sinumang botante ang isang kapamilya o sinumang kasamang nakatira sa tahanan na kumuha at maghatid ng balota.



I-access ang Balota Online

Maaaring ma-access ng mga botanteng may kapansanan ang mga balotang screen-readable (nababasa sa screen) at mga instruksiyon sa sfelections.org/access.



Mag-request na Mahatiran ng Balota sa Panahon ng Emergency

Maaaring mag-request, sa pagitan ng Oktubre 30 at Nobyembre 5, ang mga botanteng hindi makakapunta sa botohan na mahatiran ng balota sa panahon ng emergency.



I-awtorisa ang Pagbabalik ng Balota

Maaaring i-awtorisa ng sinumang botante ang ibang tao para ibalik ang binotohang balota. Kailangang naka-postmark nang hindi lalampas ng Nobyembre 5 ang mga balota at matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon nang hindi lalampas ng Nobyembre 8.

Kailangan ng karagdagang impormasyon?

(415) 554-4310 sfvote@sfgov.org



**CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS**